Palugit para sa Mga Premium ng Pag-renew ng Insurance sa Baha, Pinalawig ng FEMA

Release Date: March 29, 2020

WASHINGTON – Patuloy na gumagawa ang FEMA ng mga proactive na hakbang para matugunan ang pandemya ng COVID-19. Para tulungang paglingkuran ang mga customer nito sa National Flood Insurance Program (NFIP) na posibleng nakakaranas ng suliranin sa pananalapi, papalawigin ng ahensya ang palugit para i-renew ang mga polisiya sa insurance sa baha sa 120 araw mula 30 araw. Nalalapat ang extension na ito sa mga polisiya sa insurance sa baha ng NFIP na may petsa ng pagwawakas sa pagitan ng Pebrero 13 at Hunyo 15, 2020.

Para maiwasan ang pagkakapaso sa saklaw, karaniwang may 30 araw na palugit para i-renew ang mga polisiya. Gayunpaman, dahil sa nangyayaring malawakang pagkaantala sa ekonomiya dulot ng pandemyang ito, alam ng FEMA na posibleng hindi matugunan ng mga policyholder ng insurance sa baha ang pamantayang palugit sa pag-renew ng polisiya.

“Nauunawaan ng FEMA ang kahalagahang nauugnay sa mga pasanin sa pananalapi at gusto naming maging proactive,” ani David Maurstad, deputy associate administrator ng Federal Insurance and Mitigation Administration ng FEMA, na nangangasiwa sa NFIP. “Gusto naming tiyaking hindi dapat mag-alala ang mga policyholder na mapapaso ang kanilang polisiya habang panahon ng pagbaha o sa simula ng panahon ng buhawi. Umaasa kaming magbibigay ang extension na ito sa mga policyholder ng kapanatagan ng loob at mabibigyan sila nito ng karagdagang oras para i-renew ang mga polisiya nila para matiyak nilang nasasaklaw sila kung sakaling may mangyayaring pagkawala dulot ng baha.”

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagre-renew ng mga polisiya sa insurance sa baha o paglutas ng underpayment, puwedeng makipag-ugnayan ang mga policyholder sa kanilang mga carrier ng insurance o puwede nilang tawagan ang Call Center ng National Flood Insurance Program sa 1-877-336-2627.

###